MELITO GLOR COMMAND
NPA - SOUTHERN TAGALOG

# 10 Dahilan Bakit Mahal ng mamamayan ang NPA

Paano lalakas at tatagal ng 51 taon ang isang hukbo sa harap ng paulit-ulit na atake ng kanyang kaaway? Para sa NPA, simple lamang ang sagot—sa pamamagitan ng suporta at pagmamahal ng mamamayang pinaglilingkuran nito. Ang mamamayang inaapi't pinagsasamantalahan ang pinagmumulan ng lakas at inspirasyon ng NPA para patuloy na lumaban at magpunyagi para sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan. Mahal ng mamamayan ang NPA dahil:

## 1. Ang NPA ang tunay na hukbo ng mahihirap

Ang NPA ang maaasahang hukbo ng mga magsasaka, manggagawa, pambansang minorya, kabataan, kababaihan at ng lahat ng inaapi't pinagsasamantalahan sa lipunan. Nauunawaan ng NPA ang kanilang mga problema at ipinaglalaban dahil mismong ang mga mandirigma at kumander ng NPA ay galing sa uring inaapi at pinagsasamantalahan. Puspusan silang nakikibaka para makamit ang demokratikong interes at kahilingan ng mamamayang Pilipino—lupa para sa magsasaka; sahod at trabaho para sa manggagawa; hanapbuhay, paninirikan at serbisyong panlipunan para sa mga maralita; at karapatan para sa lahat.

## 2. Ang NPA ay patriyotiko

Isinusulong ng NPA ang pambansang pagpapalaya ng Pilipinas mula sa pagiging neokolonya ng US. Laban din ito sa panghihimasok ng imperyalistang kapangyarihan ng China at Russia. Alinsunod sa programa ng demokratikong rebolusyong bayan, itinataguyod ng NPA ang makabayan, siyentipiko at pangmasang kultura. Ikinikintal nila sa mamamayang Pilipino ang patriyotismo, iwinawaksi ang kaisipang kolonyal, pinagyayaman ang katutubong kultura at sariling pagkakakilanlan ng lahing Pilipino at kinikilala ang karapatan para sa sariling pagpapasya ng mga mamamayan sa ilalim ng isang mapagsamantala at mapang-aping lipunan.

## 3. Ang NPA ang guro ng masa para buuin ang kanilang sariling lakas sa pulitika

Taliwas sa pagsisinungaling at pagkakalat ng *fake news* na ginagawa ng reaksyunaryong gubyerno at AFP-PNP, ipinapakita ng NPA sa masa ang tunay na kalagayan ng lipunan. Inilalantad nila ang pagsasamantala sa mahihirap at kabulukan ng reaksyunaryong gubyerno. Iminumulat nila ang mamamayan sa pangangailangang magrebolusyon para baguhin ang lipunan at buuin ang kanilang lakas sa pulitika.

## 4. Ang NPA ay katuwang ng mamamayan sa pagtataguyod ng kanilang kabuhayan

Ang NPA ang sandigan ng masang anakpawis na nakikibaka para sa kanilang karapatan at kabuhayan. Mahigpit na katuwang ng magsasaka ang NPA sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo para lansagin ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa sa kanayunan. Pinabababa nito ang upa-sa-lupa, pinatataas ang sahod ng mga manggagawang-bukid, pinapawi ang usura, itinataas ang presyo ng produktong bukid, pinapaunlad ang produksyon at itinataguyod ang dagdag na hanapbuhay sa kanayunan. Libreng ipinamamahagi nito sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid ang lupa ng malalaking asendero at dayuhang korporasyon na kinumpiska ng gubyernong bayan. Ipinagtatanggol ng NPA ang masang magsasaka mula sa pandarahas ng armadong *goons* ng mga panginoong maylupa, burgesya kumprador at burukarata kapitalista. Tunay ngang kung wala ang hukbong bayan, wala ni anuman ang mamamayan.



### 5. Ang NPA ang nagbibigay ng serbisyong panlipunan sa pinakaapi't maralitang mamamayan

Ang NPA ay hindi lamang isang hukbo para sa paglaban, isa rin itong hukbong pamproduksyon. Naghahatid ito ng serbisyong panlipunan sa mamamayang inabandona at pinababayaan ng estado. Ang NPA ang titser at doktor sa mga komunidad ng katutubo't magsasaka sa mga liblib na lugar na hindi binibigyang-pansin ng reaksyunaryong gubyerno. Libre ang tsek-ap at pagpapagamot, at walang binabayarang *tuition* sa NPA. Kasabay nito'y pinatataas ng NPA ang kaalaman at kamalayan sa pulitika ng masa upang turuan at tulungan silang tumindig sa sariling mga paa.

### 6. Ang NPA ay maasahan sa panahon ng sakuna

Kagyat na rumiresponde ang NPA sa panahon ng mga sakuna at kalamidad. Katuwang sila ng mga biktima sa pagbabangon ng kanilang kabuhayan at muling pagtatayo ng kanilang panirikan, gayundin sa pangangalap ng tulong para sa relief at rehabilitasyon. Tinututulan at pinatitigil ng NPA ang mga mapanirang proyekto ng mga dambuhalang korporasyon tulad ng pagmimina, *quarrying*, *illegal logging* at iba pang mapaminsalang proyekto sa kabuhayan at kalikasan. Ang mga proyektong ito ang dahilan ng pagkasira ng kalikasan at paglala ng mga sakuna at kalamidad sa bansa.

### 7. Itinataguyod ng NPA ang pantay na karapatan at katayuan ng kababaihan at mga may piniling kasarian sa lipunan

Kinikilala ng NPA ang papel ng kababaihan at mga may piniling kasarian sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang mga NPA na babae at may piniling kasarian ay maaaring maging upisyal, guro, doktor, abogado, inhinyero, mandirigma at iba pa. Pantay-pantay ang karapatan ng lahat ng kasarian sa loob ng NPA. Itinataguyod din ng rebolusyonaryong kilusan ang rebolusyonaryong pamilya kaya binibigyang pagpapahalaga ng NPA ang mga rebolusyonaryong ina na gumagampan bilang ina sa kanilang mga anak at sambayanan.

### 8. Ang NPA ang tagapagtanggol ng mamamayan laban sa AFP-PNP-CAFGU at mamatay-taong rehimeng Duterte

Kakampi ng sambayanan ang NPA laban sa berdugo, kurap at bulok na AFP-PNP-CAFGU. Bawat atake ng pasistang kaaway sa mamamayan laluna sa masang anakpawis na sumusuporta sa rebolusyon ay sinasagot ng NPA ng mga taktikal na opensiba. Iniaalay ng NPA ang bawat putok na pinakakawalan nito laban sa AFP-PNP-CAFU sa mga biktima ng karahasan ng estado—mga pamilyang nawalan ng mahal sa buhay dahil sa gera kontra-droga, mga komunidad na pinalayas at winasak ng militarisasyon, at ang taumbayang binusalan at pinagkaitan ng pampulitikang karapatan.

### 9. Ang NPA ay may di magagaping diwa

Taglay ng NPA ang pambihirang katapangan at kapasyahang gapiin ang kaaway. Hindi kayang supilin ng superyor na lakas ng kaaway ang maliit at mahinang hukbong bayan. Nagbubukal ang katapangang ito sa kagustuhang bigyan ng hustisya ang kalupitan ng kaaway sa mamamayan. Lahat ng rehimeng nangarap na gapiin at durugin ang NPA mula pa sa paghaharing diktadura ni Marcos hanggang kay B.S. Aquino ay pawang nabigo at napunta sa basurahan ng kasaysayan. Tiyak na mabibigo rin ang papet, korap, kriminal, mamamatay-tao at pasistang rehimeng US-Duterte. Kung bakit? Dahil makatarungan at rebolusyonaryo ang inilulunsad na armadong pakikibaka ng Partido at NPA.

### 10. Ang NPA ay nag-aalay ng kanilang buhay, talino at lakas para sa mamamayan nang walang kapalit

Magkarugtong ang pusod ng NPA at mamamayan. Di tulad ng mersenaryong AFP at PNP, hindi bayaran ang NPA. Boluntaryo ang pagbibigay ng serbisyo sa hukbo ng mga kasapi ng NPA at walang kapalit na kabayaran. Nagpapakasakit sila at handang ibigay ang tanging buhay dahil taos-puso ang kanilang pagmamahal sa sambayanan sapagkat iisa ang interes nila ng masang api't pinagsasamantalahan.

Napakarami nang mga kasama ang nag-alay ng kanilang kaisa-isang buhay para sa dakilang adhikaing ito. Inspirasyon ng mamamayan ang NPA sa patuloy na pagpupunyagi na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan sukdang iambag ang pinakamabubuti nilang mga anak sa NPA at rebolusyon.

**I ❤ NPA**
**NPA ❤ U**

***Mabuhay ang ika-55 anibersaryo ng New People's Army!***